BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-99

"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 7, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG LICIADA, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA *ANNUAL BARANGAY YOUTH INVESTMENT PROGRAM* (ABYIP) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON, ANIM NA DAAN TATLUMPUNG LIBO, APAT NA DAAN APATNAPU'T SIYAM NA PISO AT APATNAPU'T APAT NA SENTIMO (₱2,630,449.44)."

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo
Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

---

SAPAGKA'T, isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang sampung porsyento (10%) ng pangkalahatang pondo ng barangay ay dapat ilaan sa Sangguniang Kabataan;

SAPAGKA'T, isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang Sangguniang Kabataan ay nararapat lamang na magbalangkas at magpatibay ng isang taon na plano ng kanilang proyekto, programa, at mga aktibidad;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Liciada ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 7, S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Liciada, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Barangay Youth Investment Program* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Dalawang Milyon, Anim na Daan Tatlumpung Libo,

Apat na Daan Apatnapu't Siyam na Piso at Apatnapu't Apat na Sentimo (₱2,630,449.44).

PINAGTIBAY, ngayong ika-27 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni

Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni

Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni

Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni

Leo T. Santos
Kasangguni

Melvin H. Melencio
Kasangguni

John Erick L. Perez
Kasangguni

Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni

Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Abril taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim